BAITANG 10
IKATLONG MARKAHAN
# ARALIN 1

Pangalan: ______________________ Baitang at Pangkat: ______________

## Pamagat: Imahe ng KARANASAN

**Panuto:** Suriing mabuti ang mga larawan. Isalaysay kung alin sa mga ito ang iyong naranasan o nasaksihan na. Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno, at ipaliwanag kung paano ito nakaapekto sa iyo o sa ibang tao.

### Mga larawan:





Polusyon



Kahirapan



LIVEWORKSHEETS

**BAITANG 10**
**IKATLONG MARKAHAN**
# ARALIN 1

Pangalan: ______________________ Baitang at Pangkat: ______________________

## Pamagat: Ako sa Kanilang Kalagayan

**Panuto:** Pag-aralan ang sitwasyon na nasa ibaba. Ipagpalagay mo na ikaw ay isa sa tauhan sa sitwasyon at sagutin ang mga sumusunod na katanungan at Isulat ito sa sagutang papel.



### Sitwasyon

Isang hapon matapos ang klase, nanatili si Angela sa loob ng silid-aralan. Tahimik ang paligid, pero maingay ang kanyang isipan. Hindi niya matanggal sa isip ang pangyayaring naganap kanina.

Habang hinihintay ang guro, napansin niyang may ilang kaklase na palihim na nagvi-video kay Jomar habang ito'y naglalakad papunta sa kanyang upuan. Tahimik si Jomar, ngunit halatang naiilang at nahihiya. Sa video, nilagyan pa ito ng nakakatawang caption bago ipinasa sa group chat ng klase. Agad itong ikinatuwa ng iba—nagtawanan, nagkomento, at tila nag-enjoy sa panlilibak. Walang guro sa silid. Walang sinuman ang tumigil sa kanila. Naroon si Angela. Hindi siya natawa, pero hindi rin siya nagsalita. Pinili niyang manahimik.


LIVEWORKSHEETS

**BAITANG 10**
**IKATLONG MARKAHAN**
# ARALIN 1

Pangalan: ______________________ Baitang at Pangkat: ______________________

## Pamagat:

**Panuto:** Muli, balikan mo ang iyong naging sagot sa pangunahing gawain. Suriin mo kung ito ay tama at angkop batay sa mga napag-usapan natin sa klase—tungkol sa mga wastong paraan ng pagtupad sa pansariling responsibilidad, ang positibong bunga ng mabuting pagkilos, at ang kahalagahan ng matibay na paninindigan sa mga isyung panlipunan na may kinalaman sa dignidad ng tao.

### Ang Pangyayari



### Sitwasyon

Isang hapon matapos ang klase, nanatili si Angela sa loob ng silid-aralan. Tahimik ang paligid, pero maingay ang kanyang isipan. Hindi niya matanggal sa isip ang pangyayaring naganap kanina.

Habang hinihintay ang guro, napansin niyang may ilang kaklase na palihim na nagvi-video kay Jomar habang ito'y naglalakad papunta sa kanyang upuan. Tahimik si Jomar, ngunit halatang naiilang at nahihiya. Sa video, nilagyan pa ito ng nakakatawang caption bago ipinasa sa group chat ng klase. Agad itong ikinatuwa ng iba—nagtawanan, nagkomento, at tila nag-enjoy sa panlilibak. Walang guro sa silid. Walang sinuman ang tumigil sa kanila. Naroon si Angela. Hindi siya natawa, pero hindi rin siya nagsalita. Pinili niyang manahimik.


LIVEWORKSHEETS

**BAITANG 10**
**IKATLONG MARKAHAN**
**ARALIN 1**

Pangalan: ______________________ Baitang at Pangkat: ______________

# Pamagat: Personal Development Plan

**Panuto:** Bilang bahagi ng pag-unawa sa pansariling gampanin sa mga isyung panlipunan na may kinalaman sa dignidad ng tao, ikaw ay inaasahang gumawa ng Personal Development Plan. Sa gawaing ito, iyong ilalahad ang mga layunin mo sa buhay at ang mga hakbang na nais mong gawin upang makamit ang mga ito, habang isinasaalang-alang ang iyong tungkulin sa sarili, sa kapwa, at sa lipunan.




**Gamit ang malinis na papel o short bond paper, sumulat ng Personal Development Plan na binubuo ng sumusunod na bahagi:**

- Pagkilala sa Sarili – Ilarawan ang iyong mga kalakasan, kahinaan, at pinahahalagahang prinsipyo.
- Mga Layunin – Itala ang iyong mga layunin sa maikli at pangmatagalang panahon.
- Mga Hakbang – Ilahad ang mga konkretong hakbang na iyong gagawin upang maabot ang iyong mga layunin.
- Ambag sa Lipunan – Ipaliwanag kung paano mo magagamit ang iyong mga layunin at kilos upang makatulong sa kapwa at sa mga isyung panlipunan na iyong pinahahalagahan.


LIVEWORKSHEETS

BAITANG 10

IKATLONG MARKAHAN

# ARALIN 1

Pangalan: ______________________ Baitang at Pangkat: ______________________

## Pamagat: Personal Development Plan

**Panuto:** Ano ang iyong mga pansariling gampanin bilang parte ng iyong pamilya, paaralan, at pamayanan? Magbigay ng halimbawa na kung saan naisasakilos mo ito at isulat sa sagutang papel.

Pamilya?

_____________________________________________

_____________________________________________

Paaralan?

_____________________________________________

_____________________________________________

Pamayanan?

_____________________________________________

_____________________________________________



LIVEWORKSHEETS